TOMO 12 BILANG 9 | ISSN NO. 2599-5405 | SETYEMBRE 2025

LIBRE 'TO!


# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI


Kwentong Tagumpay — Page 2

Anniversaryo Serbisyo: Yugto ng Pag-unlad at Pag-asa — Page 3

FROM THE MARGINS — Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder and Chairman Emeritus — Page 4

## CARD MRI AT CADENCE PROPERTIES, NAGKAISA PARA SA MAS ABOT-KAYANG PABAHAY

ni Mary Rose Javier



*Sina Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Founder at Chair Emeritus ng CARD MRI, at Guillermo Luchangco, Chairman at CEO ng ICCP Group, ay lumagda kasama ang mga opisyal ng kani-kanilang organisasyon para sa pagtatatag ng Cadence-CARD Property Ventures, Inc. (CCPV), na maghahatid ng abot-kayang pabahay para sa mas maraming pamilyang Pilipino.*

Pormal na nilagdaan ang isang *Memorandum of Agreement* (MOA) sa pagitan ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) at ng Cadence Properties, ang pinakabagong *real estate arm* ng Investment & Capital Corporation of the Philippines (ICCP), noong Agosto 6, 2025 sa Makati Sports Club. Sa kasunduang ito, nabuo ang Cadence-CARD Property Ventures, Inc. (CCPV), isang kompanya na layong magtayo ng abot-kaya, maayos, at de-kalidad na mga *residential communities*.

Nakatakdang simulan ng CCPV ang unang proyekto sa Bay, Laguna bilang tugon sa lumalalang kakulangan sa pabahay sa bansa. Ang inisyatibong ito ay hindi lamang naglalayong magpatayo ng bahay kundi magbigay ng ligtas, maayos, at maaasahang tahanan para sa mga pamilyang Pilipino na matagal nang nangangarap magkaroon ng sariling bahay.

Sa kanyang talumpati, ibinahagi ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Founder at Chair Emeritus ng CARD MRI "Ito ang unang pagkakataong papasok ang CARD MRI sa pabahay—isang matagal nang pangarap na ngayon ay natupad, hindi lang para sa CARD MRI kundi para sa milyun-milyong kliyente namin. Magtatayo tayo ng tahanang higit pa sa apat na pader at bubong—isang tahanang magiging sandigan sa pagputol ng siklo ng kahirapan. Sa pagkakaroon ng matatag na tirahan, mas lalaki ang pangarap, mas matutumbasan ang kanilang pagsisikap, at mas liliwanag ang kinabukasan ng mga pamilya."

Sa panig naman ng Cadence Properties at ICCP Group, ipinahayag ng mga lider ang kanilang pananabik at kumpiyansa sa tagumpay ng proyekto. Ayon sa kanila, mahalaga ang

P2

## CARD MRI NAGSAGAWA NG MALAWAKANG TREE PLANTING ACTIVITY SA LILIW, LAGUNA

ni Mary Rose Javier




*Sama-samang nagtanim ng puno ang mga kawani at kliyente mula sa iba't ibang institusyon ng CARD MRI bilang bahagi ng kanilang layuning pangalagaan ang kalikasan.*

Isinagawa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang isang malawakang tree planting activity noong Agosto 2, 2025 sa Brgy. Novaliches, Liliw, Laguna. Pinangunahan ito ng CARD SME Bank, Inc., katuwang ang mga opisyal ng barangay at ang Municipal Agriculture Office ng Liliw.


Layunin ng aktibidad na tugunan ang panawagan para sa mas maigting na pangangalaga sa kalikasan at magsilbing hakbang sa pagharap sa mga

P2

## CARD MRI, INILUNSAD ANG "OPENING DOORS IN MINDANAO" SA MAYNILA

ni Edrian Banania






*Pinangunahan nina CARD MRI Founder at Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip at co-author Ms. Pia Benitez-Yupangco ang paglulunsad ng librong "Opening Doors in Mindanao: The CARD Paglambo Story" sa Maynila.*

Opisyal na inilunsad ng CARD MRI Publishing House, Inc., ang publishing arm ng CARD MRI, ang aklat na "Opening Doors in Mindanao: The CARD Paglambo Story" noong Hulyo 23, 2025 sa Fully Booked, Bonifacio Global City (BGC), Taguig City.

Isinulat nina Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Founder and Chair Emeritus ng CARD MRI, at Pia Benitez-Yupangco, tampok sa aklat ang mga kuwento ng pagbabago at tagumpay mula sa Paglambo Project—isang programa ng CARD MRI na nagbibigay ng Shari'ah-compliant financial services sa mga pamayanang Muslim sa Mindanao, partikular sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM).

Nagsimula ang ideya ng Paglambo noong 2017 sa Ramon Magsaysay Awarding Ceremony kung saan nagtagpo ang CARD MRI mula sa Pilipinas at ang Dompet Dhuafa mula sa Indonesia. Parehong kinilala ang dalawang institusyon sa kanilang makabagong paraan ng pagtulong sa mga pamilyang nasa kahirapan, at mula sa pagkikitang iyon ay nagkaroon ng masusing pag-aaral ang CARD MRI sa *Shari'ah-inspired financing* na kalauna'y humantong sa *Paglambo Project*.

Sa kanyang mensahe, binigyang-diin ni Dr. Alip na, "Ang *Opening Doors in Mindanao* ay hindi lamang isang aklat kundi isang panata na abutin ang mga pamayanang matagal nang hindi naaabot, kilalanin ang kanilang lakas, at igalang ang kanilang paglalakbay tungo sa sariling pag-unlad."

P2

## PANAGHIUSA, ISINAGAWA SA ZAMBOANGA

ni Mary Rose Javier



*Nagtipon sa Zamboanga ang media representatives at kawani ng CARD MRI para sa Media Briefing, bahagi ng Panaghiusa: CARD MRI Exposure Tour Program na nagpakilala ng mga programa at serbisyo ng institusyon.*

Siyam na kinatawan mula sa iba't ibang *media organizations* sa Maynila at Mindanao ang lumahok sa Panaghiusa: CARD MRI Exposure Tour Program noong Agosto 6–8, 2025.


Layunin ng programa na ipakilala ang mga serbisyo ng CARD MRI sa pamamagitan ng pagbisita sa mga aktibidad at pagbibigay ng pagkakataon sa *media* na makausap ang mga miyembro ng komunidad.

Kabilang sa mga naging aktibidad ang *Koa Storytelling* sa Sta. Maria Central School kung saan 35 estudyante mula sa unang baitang ang nakinig sa kuwentong "Ang Lapis ni Anya." Nagkaroon din ng pagbisita sa mga opisina ng CARD SME Bank, Inc. at CARD Mutual Benefit Association (MBA) upang mas maunawaan ang kanilang mga produkto at serbisyo.

P2

### KOA-PINYON:

Home sweet home na may forever! Sa pagtutulungan ng CARD MRI at Cadence Properties, mas maraming pamilya ang magkakaroon ng sariling tahanan, matibay na pundasyon para sa pangarap at saya na pangmatagalan.



## CARD MRI AT ... P1

*partnership* na ito hindi lamang sa paglikha ng mga tirahan kundi sa pagbubuo ng mga komunidad na masigla at pangmatagalan.

"Ikinagagalak namin na makipagtulungan sa CARD MRI, na kilala sa matagumpay na pagpapatupad ng mga programang tumutulong sa kabuhayan ng mga nasa komunidad. Iilan lamang ang mga organisasyong nakagagawa nito nang matagumpay. Para sa akin, ang *partnership* ng CARD MRI at Cadence Properties ay nagpapakita ng iisang hangarin na mapabuti ang pamumuhay at makabuo ng mas matatag na komunidad para sa mas maraming Pilipino." Ani Guillermo D. Luchangco, Chairman at CEO ng ICCP Group.

Binigyang-diin din ni Leonardo B. Dayao Jr., President at COO ng Cadence Properties at kasalukuyang Chairman ng Subdivision and Housing Developers Association (SHDA) ang kahalagahan ng kasunduan, "Ang proyektong ito ay magbibigay ng mas maraming pagkakataon para makapagmay-ari ng bahay ang mga nasa mababang sektor, kabilang ang mga kliyente ng *microfinance institutions* at iba pa. Masaya kami na makatulong sa mas maraming pamilya na matupad ang pangarap nilang magkaroon ng sariling tahanan."

Sa pamamagitan ng pinagsamang karanasan ng CARD MRI sa pagpapaunlad ng kabuhayan at serbisyo para sa halos 10 milyong kliyente sa buong bansa, at ng ICCP Group sa *investment banking, venture capital,* at *property development*, inaasahang magiging modelo ang CCPV ng balanseng pag-unlad—kung saan magkasabay ang paglago ng kabuhayan at benepisyong panlipunan.

## CARD MRI INILUNSAD ... P1

Dumalo sa paglulunsad ang mga lider mula sa iba't ibang sektor tulad nina Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) Assistant Governor Atty. Arifa Ala, Ramon Magsaysay Award Foundation (RMAF) President Susan Afan, dating Philippines Institute for Development Studies (PIDS) President Dr. Gilberto Llanto, Dr. Anwar Radiamoda ng Mindanao University, Dr. Hussein Lidasan ng UP School of Urban and Regional Planning, at Ms. Amina Rasul-Bernardo ng Philippine Center for Islam and Democracy, kasama ang mga *senior advisers, executive committee members* ng CARD MRI, at mga miyembro ng media.

Ayon kay Atty. Ala, "Bilang isang Mindanaoan, malapit sa akin ang proyektong ito. Sa bawat pahina ng aklat, makikita ang tibay ng mga tao, ang yaman ng kultura, at ang pag-asang nananatili kahit sa pinakamahirap na kalagayan. Ang *financial inclusion* ay hindi lamang polisiya ng BSP kundi isang pangako—isang pangako na walang Pilipinong maiiwan."

Pinuri naman ni Ms. Afan ang paraan ng CARD MRI sa pagpapatupad ng proyekto: "Ang CARD ay dahan-dahang nakinig, humingi ng gabay sa mga pinuno ng *Muslim communities*, at gumalang sa kanilang kultura at pananampalataya. Ito ang nagpatangi sa programang Paglambo—ang paglapit na may tunay na malasakit at pag-unawa."

Isa sa mga benepisyaryo ng Paglambo na si Ms. Salama Kauting ang nagbahagi ng kanyang karanasan, aniya, "Nagsimula ako sa pagbebenta ng gasolina sa bote. Sa tulong ng Paglambo, nakapagtayo ako ng sarili kong *mini gas station* at ngayon ay naghahanda na para sa ikalawang sangay. Dahil sa tiwala ng mga institusyong sumusuporta sa CARD, natutunan kong kahit kami na nasa malalayong lugar ay may pag-asa ring umasenso."

Ang salitang *Paglambo*, na nangangahulugang "paglago" sa Visayan, ay sumisimbolo sa layunin ng programa na maghatid ng *Shari'ah-compliant financial products*, mga oportunidad sa kabuhayan, at iba pang serbisyong pangkaunlaran. Higit pa rito, isinusulong nito ang dangal, at sama-samang pag-unlad ng mga pamayanan. Sa paglulunsad ng aklat na ito, muling pinagtibay ng CARD MRI ang pangako nitong buksan ang mas maraming pintuan, maghatid ng pagbabago, at wakasan ang kahirapan sa lahat ng anyo nito—anumang relihiyon o paniniwala—nang may pag-asa na mas marami pang organisasyon ang makiisa sa adhikaing ito.

## CARD MRI NAGSAGAWA ... P1

napapanahong isyung pangkapaligiran. Sa pamamagitan ng pagtutulungan ng iba't ibang institusyon ng CARD MRI, matagumpay na naisakatuparan ang proyekto.

Umabot sa 182 kawani at kliyente mula sa CARD SME Bank, CARD MRI Rizal Bank, CARD Bank, CARD, Inc., CARD MBA, at CMIT ang lumahok sa pagtatanim. Sa pagtatapos ng aktibidad, nakapagtanim ang grupo ng 400 punla na binubuo ng 150 guyabano, 150 langka, at 100 kalamias. Inaasahan na bukod sa pagiging makakalikasan, ang mga punong ito ay makapagbibigay rin ng dagdag na kabuhayan sa mga darating na taon.

Ang pagtutulungan ng CARD MRI at ng lokal na pamahalaan ay patunay ng patuloy na pakikibahagi ng institusyon sa mga proyektong pangkalikasan. Isa rin itong paalala na ang simpleng pagtatanim ng puno ay may malaking ambag sa mas maliwanag at mas luntiang kinabukasan para sa susunod na henerasyon.

## PANAGHIUSA, ISINAGAWA SA ... P1

Bilang bahagi ng Panaghiusa, bumisita rin ang media sa ilang kliyente ng CARD MRI, kabilang ang isang Muslim sari-sari *store owner* na kliyente ng CARD, Inc. at isang negosyanteng may *dried fish business* na kliyente naman ng CARD SME Bank.

Sa huling araw ng programa, isinagawa ang *Media Briefing* kung saan mas napalalim ang kaalaman ng nila tungkol sa mga gawain at tulong na ibinibigay ng CARD MRI sa mga komunidad. Dumalo rito ang mga kinatawan mula sa CARD, Inc., CARD SME Bank, CARD MBA, at CARD Pioneer Microinsurance, Inc. (CPMI) sa Zamboanga.

Ito na ang ikalawang Panaghiusa ngayong taon, kasunod ng unang idinaos sa Cebu. Nakatakda namang isagawa ang ikatlo at huling Panaghiusa sa Oriental Mindoro sa darating na Setyembre.

# KUWENTONG TAGUMPAY

## TAGUMPAY NA BUNGA NG MALIIT NA IDEYA

*ni Josephine Ramos*




*Mula sa simpleng ideya, nakalikha si Felicitas Baldonado ng iba't ibang produktong gawa sa prutas na ngayon ay nagbibigay tagumpay at kabuhayan sa kanyang pamilya.*

Minsan, ang pinakamalalaking tagumpay ay nagsisimula sa pinakamaliit na ideya. Para kay Felicitas Baldonado, 65, mula San Jose, Occidental Mindoro, nagsimula ang lahat sa mga nalalaglag na mangga sa labas ng kanilang bahay. Sa halip na masayang ang mga ito, naisip niyang subukan ang paggawa ng suka matapos dumalo sa isang seminar sa simbahan. Mula sa simpleng eksperimento, lumago ang kanyang kaalaman at, sa tulong ng isang kaibigan, natutunan din niya ang paggawa ng alak mula sa iba't ibang prutas gaya ng mangga, dragon fruit, guyabano, at bayabas.

Kakaiba ang kanyang mga produkto dahil sa pagiging purong natural at walang halong *preservatives*—isang katangiang agad na nagbigay dito ng identidad sa merkado. Noong 2019, opisyal na niyang inilunsad ang negosyo at hindi nagtagal ay nadagdagan pa ang kanyang alok ng *concentrated juice*, alamang, at *pickled vegetables*. Pagsapit ng 2021, sumali siya sa mga *trade fair*, at makalipas lamang ang isang taon, ginawaran siya bilang *Innovative Enterprise of the Year*.

Sa kasalukuyan, ang JJS Food Product—na ipinangalan niya mula sa kanyang mga apo—ay gumagawa ng humigit-kumulang 50 bote ng suka at alak bawat araw. Hindi nag-iisa si Felicitas sa paglalakbay na ito; katuwang niya ang kanyang siyam na empleyado na tumutulong sa patuloy na paglago ng negosyo.

Matagal na ring katuwang ni Felicitas ang CARD Bank. Nagsimula siya noong 2009 sa isang maliit na puhunan na PhP 5,000.00 para sa ukay-ukay. Sa paglipas ng panahon, ginamit niya ang mga *loan* upang palaguin ang kanyang bagong negosyo. Sa ngayon, umaabot na sa PhP 200,000.00 ang *loan* na kanyang ginagamit para sa pagbili ng materyales at sangkap—patunay ng kanyang dedikasyon at ng tulong ng CARD Bank sa kanyang tagumpay.

Hindi rito nagtatapos ang kanyang pangarap. Nais ni Felicitas na maipasok ang kanyang mga produkto sa malalaking *grocery stores* at maiparating ang mga likas, natural, at dekalidad na gawang Mindoro sa mas marami pang Pilipino sa buong bansa. Para sa kanya, bawat bote ng suka at alak ay hindi lamang produkto, kundi simbolo ng sipag, tiyaga, at pagmamahal sa sariling likha.

## MALIIT NA NEGOSYO, MALAKING PANGARAP

*ni Josephine Ramos*



*Ipinagmamalaki ni Rexel Madalag ang kaniyang nilutong puto, isang munting produkto na simbolo ng tiyaga at pagmamahal niya sa kanyang pamilya.*

Ala-una pa lamang ng madaling araw ay gising na sina Rexel Madalag at ang kanyang asawa upang simulan ang paggawa ng mga kakaning matagal nang kinagigiliwan ng kanilang mga suki—puto at bibingka. Habang mahimbing pang natutulog ang karamihan, abala na silang mag-asawa sa paghahanda ng sangkap, pagsisindi at pagsalang sa kalan, at pag-aayos ng mga lalagyan para masigurong luto na ang kanilang paninda bago pa sumikat ang araw.

Tubong Bacolod City at ama ng labing-isang anak, hindi naging madali para kay Rexel ang marating ang kasalukuyang tagumpay. Bago siya nakapagsimula ng sariling kabuhayan, dumaan siya sa iba't ibang uri ng trabaho—mula sa pagbebenta ng prutas sa palengke hanggang sa iba pang maliit na pagkakakitaan. Sa kalaunan, natuklasan niya ang kanyang hilig at galing sa paggawa

P3

## MALIIT NA NEGOSYO, ... P2

ng bibingka at puto, na kalaunan ay nagsilbing pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng kanilang pamilya.

Nagsimula siya sa simpleng pagtitinda, bitbit ang pag-asang maiangat ang pamilya mula sa kahirapan. Sa tulong ng sipag at tiyaga, unti-unting lumago ang kanilang negosyo. Sa kasalukuyan, mayroon na siyang 10 *resellers* na katuwang sa pagpapalago ng kanilang kakanin business. Sa isang araw, kaya nilang makagawa ng hanggang isang 1,000 piraso ng puto at bibingka—patunay ng dedikasyon at sakripisyo nilang mag-asawa. Bagama't marami pang gustong maging *reseller*, pinili ni Rexel na huwag na itong dagdagan upang mapanatili ang balanse sa produksyon at, higit sa lahat, upang hindi maisakripisyo ang kanyang kalusugan at oras para sa pamilya.

Hindi maikakaila ang mga pagsubok sa negosyo—may mga araw na mahina ang benta at may panahong kinakapos sa puhunan. Ngunit hindi ito naging hadlang para kay Rexel na ipagpatuloy ang laban, lalo na't pito pa sa kanyang mga anak ang patuloy na nag-aaral. Malaki ang pagpapahalaga niya sa edukasyon; para sa kanya, ito ang pinakamahalagang pamanang maibibigay niya sa kanyang mga anak.

Noong 2024, naging kliyente siya ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. na nagbigay sa kanya ng karagdagang puhunan upang mas mapaunlad ang negosyo. Ang tulong na ito, kasama ng kanyang determinasyon, ay nagbukas ng mas maraming oportunidad—naging mas matatag ang kanilang negosyo, napagpapatuloy niya ang pagpapaaral sa kanyang mga anak, at unti-unti nilang natutupad ang pangarap na magkaroon ng sariling bahay at maliit na tindahan.

Para kay Rexel, ang kanyang munting negosyo ng kakanin ay hindi lamang simpleng hanapbuhay. Ito ang naging daan upang maipakita na sa pamamagitan ng sipag, tiyaga, at pananalig sa Diyos, posible ang tagumpay. Sa bawat piraso ng puto at bibingka na kanilang iniluluto, nakaukit ang kuwento ng sakripisyo, pag-asa, at pangarap ng isang pamilyang patuloy na nagsusumikap para sa mas maliwanag na kinabukasan.




# ANNIVERSERBISYO

YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA

## CARD Bank, Inc. Ipinagdiwang ang Ika-28 Anibersaryo

ni Mary Rose Javier

Ipinagdiwang ng CARD Bank, Inc. ang ika-28 anibersaryo nito noong Setyembre 1, 2025 sa Brgy. Santisimo Rosario, San Pablo City, Laguna. Ang okasyong ito ay muling nagpakita ng dedikasyon ng CARD Bank sa pagbibigay ng abot-kayang serbisyong pinansyal at programang pangkabuhayan para sa mga pamilyang Pilipino, lalo na sa kababaihan.

Kasabay ng selebrasyon, inilunsad din ang bagong bersyon ng konek2CARD *app*. Mas ligtas at mas mabilis na itong gamitin dahil may *biometric login* gamit ang *fingerprint* o *facial recognition*. Mas simple rin ang *interface* at may dagdag na *features* tulad ng *instant balance view* at *option* na i-save ang *account numbers* para sa *interbank transfers*. *Available* na ito sa San Pablo City at ipalalawak sa lahat ng sangay sa Setyembre 22, 2025. Sa mga susunod na buwan, gagamitin na rin ito sa CARD SME Bank.

Ipinakilala rin sa selebrasyon si JC Santos bilang bagong *celebrity endorser* ng konek2CARD *app*. Nagbigay siya ng pagbati at suporta sa CARD Bank sa kanilang anibersaryo.

Dumalo rin sa okasyon si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder at Chairman Emeritus, kasama ang mga opisyal, kawani, at kliyente ng CARD MRI.

Patuloy na nakatuon ang CARD Bank na palawakin ang serbisyo nito, at nais nitong maging isang *commercial bank* sa susunod na taon.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang opisyal na *website* ng CARD Bank o ang kanilang Facebook *page*, @CARDBankOfficial.

## CARD MBA: Ika-26 na Taong Serbisyo at Proteksyon

ni Mary Rose Javier

Dalawampu't anim na taon nang kasama ng mga pamilyang Pilipino ang CARD Mutual Benefit Association, Inc. (CARD MBA) sa pagbibigay ng proteksyon at serbisyong *microinsurance*. Noong Setyembre 9, 2025, ipinagdiwang ng institusyon ang anibersaryo bilang pagpapatibay ng pangako nitong maghatid ng tulong at seguridad sa oras ng pangangailangan.

Bilang isang *microinsurance provider* sa ilalim ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), patuloy na nag-aalok ang CARD MBA ng mga abot-kayang *life insurance* at iba pang benepisyo na nagbibigay-ginhawa at kapanatagan sa mga miyembro at kanilang pamilya. Sa pamamagitan nito, natitiyak na may mabilis at maaasahang tulong pinansyal sa panahong higit na kailangan.

Sa pagdiriwang ng ika-26 na taon, mas pinagtitibay ng CARD MBA ang layunin nitong palawakin pa ang saklaw ng serbisyo upang mas maraming pamilyang Pilipino ang maprotektahan at mabigyan ng katiwasayan para sa kinabukasan.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang opisyal na *website* ng CARD MBA.

## CARD Pioneer Microinsurance, Inc. 12 Taon ng Proteksyon para sa Pamilyang Pilipino

ni Mary Rose Javier

Sa loob ng labindalawang taon, naging katuwang ng mga pamilyang Pilipino ang CARD Pioneer Microinsurance, Inc. (CPMI) sa pagharap sa iba't ibang panganib at sakuna. Noong Setyembre 10, 2025, ipinagdiwang ng CPMI ang ika-12 anibersaryo nito bilang selebrasyon ng patuloy na pagbibigay ng abot-kayang proteksyon at katiwasayan sa bawat tahanan.

Itinatag noong 2013 sa pamamagitan ng pagtutulungan ng CARD at Pioneer Insurance, ang CPMI ang kauna-unahang *microinsurance company* sa Pilipinas na nakatuon sa pagbibigay ng proteksyon at kapanatagan para sa mga pamilya.

Patuloy na pinalalawak ng CPMI ang kanilang mga serbisyo upang mas marami pang Pilipino ang makinabang sa simple, abot-kaya, at maaasahang *insurance*.

SULONG
ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Roxanne Faye O. Aruta
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Mary Rose Javier
Josephine Ramos
Edrian Banania
Writers

# CROSSWORD PUZZLE

Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kuwento at impormasyon mula sa Sulong 12 bilang 9 at manalo ng **PhP 100.00 load** via konek2CARD at iba pang papremyo!


Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc** o ihulog sa pinakamalapit na dropbox sa piling CARD Indogrosir Stores sa inyong lugar kasama ng iyong buong pangalan, institusyon, pangalan ng CARD center at unit nito.

Pipili tayo via e-raffle ng entries na may tamang sagot hanggang **Oktubre 31, 2025** at sila ang makatatanggap ng papremyo.

Full name: ____________________ Institution: ________________

Name of center: ____________________ Unit: ________________




**Pababa:**

1. Saan nakatakdang idaos ang ikatlong Panaghiusa ngayong darating na Setyembre? Ito na ang huling Panaghiusa ngayong taon matapos ang una at pangalawa sa Cebu at Zamboanga.
3. Bawat bilao ng ___ ni Nanay Meliza Alviar ay may kasamang alaala at pagmamahal na iniwan ng kanyang ina. Paborito nila ang simpleng kakaning ito kaya't nang pumanaw ang kanyang ina, naiwan sa kanya ang *recipe* nito na ngayon ay naging haligi ng kanyang kabuhayan.
6. Ilang kinatawan mula sa iba't-ibang media organizations ang lumahok sa Panaghiusa ng CARD MRI noong Agosto 6-8, 2025? Layunin ng programa na ipakilala ang mga serbisyo ng CARD MRI sa pamamagitan ng pagbisita sa mga aktibidad at pagbibigay ng pagkakataon sa media na makausap mismo ang mga miyembro ng komunidad.
7. Nagsimula ang ideya ng _______ noong 2017 sa Ramon Magsaysay Awarding Ceremony kung saan nagtagpo ang CARD MRI mula sa Pilipinas at ang Dompet Dhuafa mula sa Indonesia. Parehong kinilala ang dalawang institusyon sa kanilang makabagong paraan ng pagtulong sa mga pamilyang nasa kahirapan, at mula sa pagkikitang iyon ay nagkaroon ng masusing pag-aaral ang CARD MRI sa *Shari'ah-inspired financing.*

**Pahalang:**

2. Lumagda ng kasunduan ang CARD MRI at ___ noong Agosto 6, 2025 upang makapagbigay ng abot-kayang pabahay sa bansa. Layunin ng kasunduang ito na magtatag ng bagong kumpanya na tatawaging Cadence-CARD Property Ventures, Inc. (CCPV)
4. Saang lugar nakaplanong simulan ng Cadence-CARD Property Ventures, Inc. (CCPV) ang pinaka-una nitong proyekto? Itinatag ang CCPV upang makatulong sa pagbawas ng kakulangan sa pabahay sa bansa sa pamamagitan ng pagtatayo ng abot-kaya, maayos, at de-kalidad na mga *residential communities*.
5. Anong institusyon ang nagdiwang ng ika-28 anibersaryo nito noong Setyembre 1, 2025? Ito ay isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) na patuloy na tumutugon sa pangangailangang pinansyal ng mga kababaihan at kanilang pamilya.
8. Saan isinagawa ng CARD MRI ang *Tree Planting activity* nito noong Agosto 2, 2025? Pinangunahan ito ng CARD SME Bank, Inc. at ng CARD SME Risk Management Unit, katuwang ang mga opisyal ng barangay at ang Municipal Agriculture Office ng nasabing lugar.




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*

## TIKMAN ANG PAMANA: MAJA BLANCA RECIPE NI NANAY MELIZA



Bawat bilao ng *maja blanca* ni Nanay Meliza Alviar ay may kasamang kuwento. Hindi lang ito pinaghalong gatas, asukal, at niyog—kundi alaala at pagmamahal na iniwan ng kanyang ina.

Lumaki si Nanay Meliza sa Mabalacat, Pampanga, kung saan paborito nilang mag-ina ang simpleng kakaning ito. Bata pa lamang siya, lagi na niyang pinapanood ang kanyang ina sa kusina—kung paano ito marahang naghalo, tumikim, at ngumiti kapag tama ang timpla. Doon niya natutunan na ang sikreto sa bawat luto ay hindi lang nasa sangkap, kundi sa pusong nag-aalay.

Nang pumanaw ang kanyang ina, naiwan sa kanya ang *recipe* na ngayon ay naging haligi ng kanyang kabuhayan. Sa tulong ng CARD MRI Rizal Bank, Inc., pitong taon nang lumalago ang kanyang negosyo at patuloy na naipapasa ang pamana ng kanyang ina.

Kaya't sa bawat subo ng *maja blanca* ni Nanay Meliza, hindi lang tamis at linamnam ang iyong matitikman, kundi ang kuwento ng isang inang nagmahal at nag-iwan ng pamana para sa kanyang anak.

Mula kay Nanay Meliza, narito ang paraan ng paggawa ng *maja blanca*:

**Mga sangkap at materyales na kailangan:**

- Kawali
- Kaserola
- Sandok
- *Plastic tub*
- Bilao
- 4 na niyog o 2 litrong na gata
- 4 *Evaporated milk* (360ml.)
- 300g *Powdered milk*
- 400g *Cornstarch*
- ¾ Asukal na puti
- 1 *Cream corn* (425g)

**Paraan ng Paggawa:**

1. Gawin ang latik. Kayurin ang apat na niyog at kunin ang unang piga (gata). Ilagay ito sa kawali at lutuin hanggang maging latik. Ito ang magsisilbing *topping* ng iyong *Maja Blanca*.
2. Ihanda ang *mixture*. Sa kaserola, ilagay ang pangalawang piga ng gata. Idagdag ang puting asukal, *powdered milk, cream corn, cornstarch,* at *evaporated milk*.
3. Haluin nang tuluy-tuloy. Gamit ang kahoy na sandok, haluin ng dahan-dahan ngunit walang tigil hanggang sa kumulo at lumapot ang *mixture*.
4. Ilagay sa lalagyan. Ibuhos ang mainit na *Maja Blanca* sa bilao o *plastic tub*.
5. Lagyan ng *toppings* at ihain. Budburan ng latik sa ibabaw, palamigin ng kaunti, at heto na—handang-handa nang tikman o ibenta ang espesyal na *Maja Blanca* ni Nanay Meliza.

**Tip mula kay Nanay Meliza:** Upang mas tumagal at manatiling sariwa ang Maja Blanca hanggang pitong araw, huwag titigilan ang paghahalo hanggang kumulo. Gumamit ng kahoy na sandok para manatiling maganda ang kulay. At huwag kalimutan ang sangkap na laging bida: pagmamahal.

# SULONG COMICS

